REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 91-221

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA PANGULO NG PILIPINAS AT SA KAGAWARAN NG KATARUNGAN NA ANG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT IBA PANG AHENSIYA NG PAMAHALAAN NA NASA BAYAN NG MUNTINLUPA, LOKAL O NASYONAL, AY MAPABILANG SA MGA BENEPISYARYO NG KANILANG PROGRAMA SA PABAHAY NA BINUBUO NG LUPANG KASALUKUYAN AY PAG-AARI NG "BUREAU OF CORRECTIONS", SA PAMAMAGITAN NG PAGKAKALOOB NG DALAWAMPU'T LMANG (25) EKTARYANG LUPA BILANG KABAHAGI SA ISANG DAANG EKTARYANG NASASAKLAW NG NABANGGIT NA PROGRAMA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Kagawaran ng Katarungan ay may proyekto sa pabahay na namamahagi ng lupang kasalukuyang pag-aari ng "Bureau of Corrections" na matatagpuan sa N.B.P. Reservation;

SAPAGKAT, ang pribilehiyong mapagkalooban ng nabanggit na lupa ay limitado lamang sa mga kawani ng Kagawaran ng Katarungan;

SAPAGKAT, ang mga kawani ng Kagawaran ng Katarungan at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay may kasingtulad na pangangailangan at kalagayan sa buhay;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Saligang Batas ng Pilipinas, Art.X Sek.7, na nagsasaad na dapat na may karapatan ang Pamahalaang Lokal sa karampatang kaparte sa mga bunga ng paggamit at paglilinang ng kayamanang Pambansa na nasa kani-kanilang mga lugar, sa paraang itatakda ng batas, kabilang ang pagbibigay ng kaparte sa mga naninirahan sa pamamagitan ng tuwirang benepisyo;

SAPAGKAT, ang hakbanging ito ay iluluhog sa Pangulo ng Pilipinas at sa Kalihim ng Katarungan para sa kaukulang pagpapatibay at rekomendasyon.

NGAYON, DAHIL DITO, buong pagkakaisang pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na gumawa ng kapasiyahan na humihiling sa Pangulo ng Pilipinas at sa Kagawaran ng Katarungan na ang mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at iba pang ahensiya ng pamahalaan na nasa Bayan ng Muntinlupa, Lokal o Nasyonal, ay mapabilang sa mga benepisyaryo ng kanilang programa sa pabahay ng binubuo ng lupang kasalukuyan ay pagaari ng "Bureau of Corrections", sa pamamagitan ng pagkakaloob ng dalawampu't limang (25) ektaryang lupa bilang kabahagi sa isang daang ektaryang nasasaklaw ng nabanggit na programa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 174th regular na pulong na ginanap ngayong ika-14 ng Oktubre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal /

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts